**Community Accelerator Grant**
**Pananaw tungkol sa Aplikasyon**

**TUNGKOL SA PONDO:**

Ikinalulugod ng ArtsFund na ianunsiyo ang programang 2024 Community Accelerator Grant (Gawad na Pampatulin sa Komunidad), na magbibigay ng $10 milyong grant na walang restriksiyon sa mga organisasyong pangkultura sa buong Estado ng Washington sa halagang $2,500 hanggang $25,000. Sa tulong ng pondo, mabibigyan ng kailangang kapital ang mga organisasyong pangkultura ng Washington, kasama na ang mga organisasyong may piskal na sponsor at mga pantribong entidad, na ang mga pangunahing misyon ay gumawa o sumuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura.

Ang pangalawang taon ng Community Accelerator Grant, na pinopondohan ng Paul G. Allen Family Foundation, ay ipinagpapatuloy nang nakaayon sa makabagong 2023 pilot ng programang ito, na nagbigay ng kabuoang $10 milyon sa 671 organisasyon at patuloy na magbibigay-priyoridad sa mga organisasyong nakasentro sa Black, Indigenous, and other People of Color (BIPOC, Itim, Katutubo, at iba pang Taong may Kulay), Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, and Queer+ (LGBTQ+, Lesbiyana, Bakla, Bisexual, Transgender, Queer, at iba pa), at mga taong may mga kapansanan, at mga organisasyong matatagpuan sa mga komunidad sa kanayunan. Walang restriksiyon ang mga paggawad, at ang mga recipient na organisasyon ay papayagang gamitin ang pondo sa mga paraang pagpapasyahan nila at bibigyang-priyoridad upang makagawa ng pinakamalaking epekto.

**PAANO MAG-APPLY:**

Ipo-post ang link para sa aplikasyon sa web page ng Community Accelerator Grant nang **12:00 ng tanghali sa Pebrero 5.** Ang deadline sa pag-apply ay **5:00 p.m. sa Marso 5.**

Mayroon nang bersiyong PDF ang aplikasyong ito na puwede mong gamiting sanggunian.

Pag-aralan ang aming Mga FAQ tungkol sa Community Accelerator Grant bago sagutan ang aplikasyong ito. Pag-aralan nang mabuti ang bagong Mga Kinakailangan para sa Kalipikasyon sa taong 2024. Ang lahat ng organisasyon, kasama na rito ang mga bagong aplikante at mga aplikante noong 2023, ay susuriin kung kalipikado sila sa 2024. Ang mga organisasyong hindi kalipikado noong 2023 ay maaaring maging kalipikado na sa 2024, depende sa sitwasyon. Ang kalipikasyon para sa grant noong 2023 ay hindi naggagarantiya ng kalipikasyon sa 2024.

Kung mayroon kang anumang tanong hinggil sa nilalaman ng aplikasyong ito, o kung kailangan mo ng tulong upang sagutan ang aplikasyon, mag-email sa accelerator@artsfund.org.

Paki-click ang **"+Create an Eligibility Profile to Get Started" (Gumawa ng Profile ng Kalipikasyon upang Magsimula)** upang makapag-umpisa. Puwede mong i-edit ang form na ito anumang oras kung iki-click ang "Edit" (I-edit).

Hindi ka makapagpapatuloy hangga't hindi mo pa natatapos ang mga tanong para sa kalipikasyon sa Eligibility Profile Form (Form ng Profile ng Kalipikasyon). Kung hindi natutugunan ng iyong organisasyon ang mga kinakailangan para sa kalipikasyon, hindi magpoprogreso ang iyong aplikasyon mula sa form na ito.

COMMUNITYACCELERATOR GRANT

**FORM NG PROFILE NG KALIPIKASYON**

1. Nasa estado ng Washington ba ang iyong organisasyon?
   **Sagot: Oo/Hindi**

2. Angkop ba ang isa sa mga sumusunod na pahayag sa iyong organisasyon?
   - Ang organisasyon ko ay may 501(c)3 status.
   - Ang organisasyon ko ay may piskal na sponsor na isa pang organisasyong may 501(c)3 status.
   - Ang organisasyon ko ay isang pantribong entidad na kinikilala ng estado o pederal na pamahalaan.

   **Sagot: Oo/Hindi**

3. Sa nakaraang tatlong taon, nagkaroon ba ang iyong organisasyon ng average na taunang badyet na mas malaki sa $25,000?
   **Sagot: Oo/Hindi**

4. Ang pangunahin bang pinagtutuunan ng iyong organisasyon ay ang paggawa o pagsuporta sa mga aktibidad na pansining at pangkultura?
   **Sagot: Oo/Hindi**

   Pakigamit ang text box na nasa ibaba kung gusto mong ilarawan kung paano natutugunan ng iyong organisasyon ang mga nabanggit na pamantayan. Tandaan – opsiyonal ang field na ito at para lang sa mga organisasyong nais magbigay ng higit pang konteksto kung bakit dapat ituring na kalipikado ang ginagawa nila para sa Community Accelerator Grant. (50 salita)

***Tandaan: kung sasagot ang isang organisasyon ng hindi sa alinman sa mga tanong na nasa itaas, ituturing ito na hindi kalipikado.***

***Kung hindi kalipikado, makikita mo ang sumusunod na teksto:***
***"Salamat sa iyong interes. Hindi kalipikado ang iyong organisasyon upang mag-apply para sa Community Accelerator Grant."***

**FORM NG PANGKALAHATANG IMPORMASYON**

- **Pangkalahatang Impormasyon**
  - Pangalan ng Organisasyon
  - Pakipili ang pahayag na angkop sa iyong organisasyon:
    - Ang organisasyon ko ay may 501(c)3 status.
    - Ang organisasyon ko ay may piskal na sponsor na isa pang organisasyong may 501(c)3 status.
    - Ang organisasyon ko ay isang pantribong entidad na kinikilala ng estado o pederal na pamahalaan.
  - EIN (Numero ng Pagkakakilanlan ng Employer):
  - Para sa mga pantribong entidad na kinikilala ng estado o pederal na pamahalaan: Paki-upload ang iyong 7871 na dokumentasyon o iba pang dokumentasyon ng pagkilala ng estado o pederal na pamahalaan, kung mayroon.
  - Para sa mga organisasyong may piskal na sponsor na 501(c)3: Paki-upload ang kasunduan sa piskal na sponsorhip ng iyong organisasyon sa PDF format.

- Petsa kung kailan itinatag ang organisasyon: (Tool na kalendaryo)
- Pagtatapos ng piskal na taon (MM/DD): (Tool na kalendaryo)

Pinadadalhang address ng organisasyon:

- Lungsod (dropdown)
- Estado (WA lang) (dropdown)
- ZIP (dropdown)
- County: (dropdown) Website:
- Pahayag ng misyon:

- **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

  Pangunahing contact

  - Pangalan
  - Titulo
  - Email sa pakikipag-ugnayan:
  - Telepono sa pakikipag-ugnayan:

  Ikalawang contact (opsiyonal):

  - Pangalan
  - Titulo
  - Email sa pakikipag-ugnayan:
  - Telepono sa pakikipag-ugnayan:

(Lalabas lang ang kasunod na seksiyon kung pipiliin mo ang ““My organization is fiscally sponsored by another organization with 501(c)3 status. (Ang organisasyon ko ay may piskal na sponsor na isa pang organisasyong may 501(c)3 status.)” sa itaas):

**Impormasyon ng Piskal na Sponsor:**

- Pangalan ng piskal na sponsor na organisasyong 501(c)(3)
- EIN ng Piskal na sponsor, kung angkop:
- Pinadadalhang Address ng Piskal na Sponsor:
- Lungsod
- Estado (dropdown)
- ZIP

Kausap sa Piskal na Sponsor:

- Pangalan
- Titulo
- Email sa pakikipag-ugnayan:
- Telepono sa pakikipag-ugnayan:

**Pakipili ang pangunahing larangang pinagtutuunan ng iyong organisasyon:**

- Pamanang Kultura
- Sayaw
- Pelikula at Media
- Sining Pampanitikan
- Maraming Iba't ibang Disiplina
- Musika
- Musical Theatre
- Opera
- Teatro
- Visual Arts
- Serbisyong Pansining (mga org na nagbibigay-suporta sa mga artista o org na pangkultura)

- Iba pa

Kung "Iba pa", pakilarawan (25 salita):

**Pakipili ang ikalawang larangang pinagtutuunan ng iyong organisasyon (opsiyonal)**

- Pamanang Kultura
- Sayaw
- Pelikula at Media
- Sining Pampanitikan
- Maraming Iba't ibang Disiplina
- Musika
- Musical Theatre
- Opera
- Teatro
- Visual Arts
- Serbisyong Pansining (mga org na nagbibigay-suporta sa mga artista o org na pangkultura)
- Iba pa

Kung "Iba pa", pakilarawan (25 salita):

**FORM NG PINANSIYAL NA IMPORMASYON**

Pinansiyal na Impormasyon (Gastusin/kita)

- Anong uri ng pinansyal na dokumento ang ina-upload mo?
  - 2021 Form 990 o 990EZ
  - 2022 Form 990 o 990EZ
  - Mga FY22 na Pinansiyal na Dokumento (kabilang na rito ang income statement, balance sheet, at statement of cash flow, kung mayroon)
  - Mga FY23 na Pinansiyal na Dokumento (kabilang na rito ang income statement, balance sheet, at statement of cash flow, kung mayroon)
  - Mga FY24 na Pinansiyal na Dokumento (kabilang na rito ang income statement, balance sheet, at statement of cash flow, kung mayroon)

- Paki-upload ang PDF file ng pinakabagong Form 990, 990EZ, o 990N ng iyong organisasyon. Kung hindi ka makapagbibigay ng 990, paki-upload ang iyong mga pinakabagong pinansiyal na dokumento. Kabilang dapat sa mga ito ang income statement, balance sheet, at statement of cash flow, kung mayroon.

Pakisagutan ang talahanayang nasa ibaba gamit ang impormasyon ng iyong organisasyon sa abot ng iyong makakaya. Tandaan – kung may piskal na sponsor ang iyong organisasyon, ang impormasyong ito ay para dapat sa iyong organisasyon at hindi sa piskal na sponsor.

**Mga Kahulugan:**

Ang **kinita** ay anumang pondong natanggap na direktang kapalit ng produkto, programa, o serbisyo; kabilang na rito ang bayarin para sa programa, income sa kontrata, pagbebenta ng tiket, concession, bayad para sa membership, at item sa gift shop.

Ang **kinita mula sa kontribusyon** ay anumang pondong natanggap na hindi direktang kapalit ng produkto, programa, o serbisyo; kabilang na rito ang pondo ng grant, indibidwal na donasyon, pondo ng gobyerno, suporta ng foundation, at sponsorship. Para sa mga layunin ng aplikasyong ito, ang anumang relief fund na may kinalaman sa COVID ay dapat isama sa kinita mula sa kontribusyon ng organisasyon.

Ang **gastusin sa pagpapatakbo** ay lahat ng gastusing nauugnay sa pagpapatakbo sa iyong organisasyon. Bukod pa sa gastusin sa tauhan, ang iba pang karaniwang kategorya ng gastusin ay supplies, kagamitan, renta/mortgage, utility, insurance, at stipend para sa programa.

Ang **gastusin sa tauhan** ay ang gastusin lang na nauugnay sa mga halagang nasa payroll; kabilang na rito ang mga suweldo, sahod, insurance sa payroll, at benepisyo ng empleyado. Ang mga stipend at nakakontratang serbisyo ay hindi kasama sa kategoryang tauhan. Pakitandaan na ang gastusin sa tauhan ay kabilang dapat sa iyong kabuoang halaga para sa gastusin sa pagpapatakbo. Hinihiling namin ang numerong ito nang nakahiwalay para sa mga layunin sa pananaliksik at adbokasiya. Kung walang binabayarang kawanihan ang iyong organisasyon, pakilagay ang 0.

| | FY2022 | FY2023 | FY2024 (Nakabadyet) |
|---|---|---|---|
| Kabuoang Gastusin sa Pagpapatakbo | | | |
| Kabuoang Kinita | | | |
| Kabuoang Kinita mula sa Kontribusyon | | | |
| Kabuoang Gastusin sa Tauhan | | | |

Pakitandaan, ang datos mula sa sumusunod na tatlong tanong ay kinokolekta upang matulungan kaming unawain ang potensiyal na epekto ng pondo ng Community Accelerator Grant sa sektor ng sining at kultura ng Estado ng Washington. Hindi nilalagyan ng iskor ang iyong mga sagot sa sumusunod na tatlong tanong at hindi ito makaaapekto sa pinal na gawad sa iyo.

Anong mga katergoya ng gastusin ang sasaklawin ng igagawad na pondo? Pakiranggo ang iyong mga nangungunang kategorya kung saan 1 ang may pinakamataas na priyoridad. Pakipili ang numero ng ranggo nang isang beses lang. Kung naniniwala kang gagamitin mo ang pondo para sa iba pang kategorya ng gastusin, pakigamit ang kategoryang “iba pa” at ang text box upang ilarawan ang gastusin kung saan gagamitin ang pondo.

- Suweldo at Paggawa
- Programming
- Renta/Mortgage/Pag-upgrade ng Pasilidad
- Personal na Pamprotektang Kagamitan (PPE)/Paghahanda sa COVID
- Communications/Marketing
- Iba pa

Kung minarkahan mo ang “iba pa,” pakilarawan (25 salita o mas kaunti).

- Paano makatutulong ang pondong ito sa kakayahan ng iyong organisasyon na makakuha ng iba pang pondo (grant, malaking regalo ng donor, atbp.)?
  - 1- hindi talaga
  - 2 – bahagyang makatutulong
  - 3 – sapat na makatutulong
  - 4 – lubos na makatutulong
  - 5 – labis na makatutulong

- Kung magagawaran ng grant na ito, gaano kalaki ang inaasahan mong itataas ng iyong kita? Sa madaling salita, ilang karagdagang pondo, nang hindi kasama ang halaga ng grant na ito, ang pinaniniwalaan mong makakalap mo bilang resulta ng pagkakagawad? (Maglagay ng numero. Tandaan na walang magiging epekto sa igagawad sa iyo ang sagot mo sa tanong na ito.)

**FORM NG MGA PROGRAMA AT DEMOGRAPIKO**

Tandaan – kinokolekta ang datos na ito upang matiyak namin na patas na naipamamahagi ang mga pondo ng grant sa sektor ng sining at kultura ng Estado ng Washington, partikular na sa mga nakasentro sa boses ng mga taong kumikilala sa kanilang sarili bilang BIPOC, LGBTQ+, at mga taong may mga kapansanan.

Upang alamin pa kung paano gagamitin, ibabahagi, at itatabi ang datos na ibinabahagi mo sa form na ito, pakitingnan ang aming Pahayag sa Paggamit ng Demograpikong Datos.

Mga Kahulugan:

**Pagsentro:** Ang mga pahayag sa ibaba ay gumagamit sa salitang “pagsentro” sa halip na “pagsasama” upang makapagsaad ng mas malalim na antas ng pakikipag-ugnayan. Isinasaad ng salitang “pagsentro” na ang mga boses ng mga partikular na populasyon ay hindi lang isinasama o iniimbitahang lumahok sa mga programa ng isang organisasyon, kundi iyon din mismo ang pinagtutuunan ng mga bagay na ginagawa ng isang organisasyon. Ang mga tao mula sa mga nakasentrong populasyon ay nagbabahagi ng sarili nilang mga kuwento, at nilalayong maiangkop sa kultura ang mga programa batay sa kanilang mga karanasan.

Pakisagutan ang bawat isa sa mga sumusunod na pahayag.

Tandaan – may lalabas dapat na Likert scale para sa bawat tanong na may limang radio button para sa bawat sagot. Makapipili lang ang user ng isang sagot para sa bawat tanong:

- 1 - Lubos na Hindi Sumasang-ayon
- 2 - Hindi Sumasang-ayon
- 3 - Neutral
- 4 - Sumasang-ayon
- 5 - Lubos na Sumasang-ayon

- Gumagawa at/o nagbibigay ang aming organisasyon ng programang nakasentro sa mga komunidad ng LGBTQ+.

- Gumagawa at/o nagbibigay ang aming organisasyon ng programang nakasentro sa mga komunidad na Itim, Katutubo, at iba pang Taong may Kulay (BIPOC).

- Gumagawa at/o nagbibigay ang aming organisasyon ng programang nakasentro sa mga taong may mga kapansanan.

**Demograpikong Impormasyon**

DEMOGRAPIKO NG KAWANI:

Pakipili ang pahayag na pinakamalapit na naglalarawan sa iyong organisasyon:

- Ang organisasyon ko ay may 2+ binabayarang kawaning nasa payroll (mga taong binabayaran ng sahod o suweldo, hindi stipend o kita sa kontrata.)

*Para sa mga organisasyong may binabayarang kawani, isama ang lahat ng kawaning nasa payroll (mga taong binabayaran ng sahod o suweldo, hindi stipend o kita sa kontrata.)*

- Ang organisasyon ko ay may 0-1 binabayarang kawaning nasa payroll o pinatatakbo ito ng boluntaryo

*Ang mga organisasyong may isang binabayarang miyembro ng kawani o walang binabayarang miyembro ng kawani, na nakikipagtulungan sa isang nakatalaga at pangunahing grupo ng mga boluntaryo ay maaaring magsagot sa survey sa ngalan ng mga boluntaryo.*
Sa kabuoan, ilan ang miyembro ng kawani ninyo noong nakaraang taon?

Sa kabuoan, ilan ang miyembro ng kawani ninyo sa kasalukuyan?

Nauunawaan namin na komplikado, lubos na personal, at masalimuot ang mga pagkakakilanlan ng lahi. Kung higit sa isang pagkakakilanlan ang angkop, hinihikayat ka namin na pumili ng “dalawa o higit pang lahi.” Kung hindi kinakatawan ang isang pagkakakilanlan, iminumungkahi namin na piliin mo ang “iba pang nag-iisang lahi.” Hinihikayat ka namin na magbahagi ng dagdag na paglilinaw sa nakalaang kahon ng komento, kung nanaisin mo.

| | **KAWANI** | |
|---|---|---|
| | Nakaraang Taon | Kasalukuyang Taon |
| # Asian/Asian American/Asian diasporic | | |
| # Black/African American/African diasporic | | |
| # Hispanic/Latino/a/x diasporic | | |
| # Middle Eastern/North African diasporic | | |
| # Native/Alaskan Native/Indigenous | | |
| # Pasifika/Native Hawaiian/Pacific Islander | | |
| # Iba pang nag-iisang lahi | | |
| # Dalawa o higit pang lahi | | |
| # White | | |
| # Hindi alam/mas gustong hindi sumagot | | |

[Calculation field] KABUOAN (tugma dapat sa mga kabuoang bilang ng tao na iniuulat sa itaas):

Mga komento o paglilinaw (opsiyonal) (25 salita):

Pakibigay ang bilang ng taong kumikilala sa kanilang sarili sa bawat kategorya, sa abot ng iyong makakaya.

| | **KAWANI** | |
|---|---|---|
| | Nakaraang Taon | Kasalukuyang Taon |
| # LGBTQ+ | | |
| # Hindi LGBTQ+ | | |
| # Hindi alam/mas gustong hindi sumagot | | |

[Calculation field] KABUOAN (tugma dapat sa mga kabuoang bilang ng tao na iniuulat sa itaas):

Mga komento o paglilinaw (opsiyonal) (25 salita):

Pakibigay ang bilang ng taong kumikilala sa kanilang sarili sa bawat kategorya, sa abot ng iyong makakaya.

| | **KAWANI** | |
|---|---|---|
| | Nakaraang Taon | Kasalukuyang Taon |
| # May kapansanan | | |
| # Walang kapansanan | | |
| # Hindi alam/mas gustong hindi sumagot | | |

[Calculation field] KABUOAN (tugma dapat sa mga kabuoang bilang ng tao na iniuulat sa itaas):

Mga komento o paglilinaw (opsiyonal) (25 salita):

DEMOGRAPIKO NG BOARD O LUPON:

Mayroon bang lupon o nangangasiwang tagapayong grupo ang iyong organisasyon? MAYROON/WALA

[Kung wala]: *Kung ang iyong organisasyon ay walang lupon o nangangasiwang grupo, hindi kailangang kompletuhin ang seksiyong ito. Pakimarkahan ang form na ito bilang kompleto at magpatuloy sa susunod na form.*

[kung mayroon]: *Pakibigay ang bilang ng taong kumikilala sa kanilang sarili sa bawat kategorya, sa abot ng iyong makakaya.*

*Humihingi kami ng demograpikong datos upang matulungan kaming tukuyin ang mga organisasyong may mga kawani at lupong lubos na naikakatawan mula sa isa o higit pa sa mga sumusunod na nakasentrong populasyon: Black, Indigenous, and People of Color; mga taong may mga kapansanan; at mga taong LGBTQ+.*

Sa kabuoan, ilan ang miyembro ng lupon ninyo noong nakaraang taon?

Sa kabuoan, ilan ang miyembro ng lupon ninyo sa kasalukuyan?

Nauunawaan namin na komplikado, lubos na personal, at masalimuot ang mga pagkakakilanlan ng lahi. Kung higit sa isang pagkakakilanlan ang angkop, hinihikayat ka namin na pumili ng “dalawa o higit pang lahi.” Kung hindi kinakatawan ang isang pagkakakilanlan, iminumungkahi namin na piliin mo ang “iba pang nag-iisang lahi.” Hinihikayat ka namin na magbahagi ng dagdag na paglilinaw sa nakalaang kahon ng komento, kung nanaisin mo.

| | **LUPON** | |
|---|---|---|
| | Nakaraan | Kasalukuyan |
| # Asian/Asian American/Asian diasporic | | |
| # Black/African American/African diasporic | | |
| # Hispanic/Latino/a/x diasporic | | |

| | | |
|---|---|---|
| # Middle Eastern/North African diasporic | | |
| # Native/Alaskan Native/Indigenous | | |
| # Pasifika/Native Hawaiian/Pacific Islander | | |
| # Iba pang nag-iisang lahi | | |
| # Dalawa o higit pang lahi | | |
| # White | | |
| # Hindi alam/mas gustong hindi sumagot | | |

[Calculation field] KABUOAN (tugma dapat sa mga kabuoang bilang ng tao na iniuulat sa itaas):

Mga komento o paglilinaw (opsiyonal) (25 salita):

Pakibigay ang bilang ng taong kumikilala sa kanilang sarili sa bawat kategorya, sa abot ng iyong makakaya.

| | **LUPON** | |
|---|---|---|
| | Nakaraan | Kasalukuyan |
| # LGBTQ+ | | |
| # Hindi LGBTQ+ | | |
| # Hindi alam/mas gustong hindi sumagot | | |

[Calculation field] KABUOAN (tugma dapat sa mga kabuoang bilang ng tao na iniuulat sa itaas):

Mga komento o paglilinaw (opsiyonal) (25 salita):

Pakibigay ang bilang ng taong kumikilala sa kanilang sarili sa bawat kategorya, sa abot ng iyong makakaya.

| | **LUPON** | |
|---|---|---|
| | Nakaraan | Kasalukuyan |
| # May kapansanan | | |
| # Walang kapansanan | | |
| # Hindi alam/mas gustong hindi sumagot | | |

[Calculation field] KABUOAN (tugma dapat sa mga kabuoang bilang ng tao na iniuulat sa itaas):

Mga komento o paglilinaw (opsiyonal) (25 salita):